

FAQs

Kung walang My Number Card, hindi ako pwedeng mag-apply sa Internet?

Hindi pwede. Kailangan ang My Number Card para sa online application. Kung wala kayong My Number Card, ipadala ninyo lamang ang mga kinakailangan sa pamamagitan ng mail.

Nakatira ako sa ibang lugar at hindi ito nakarehistro sa residence registry dahil biktima ako ng DV (domestic violence).

Upang makatanggap ng benepisyo, sa lalong madaling panahon, kayo'y magtungo lamang sa munisipyo at ipaalam tungkol sa inyong kalagayan.
Para sa mga detalye, magtanong lamang sa tanggapan ng munisipyo.

Kasama din ba ang mga residenteng dayuhan sa ayuda na ito?

Makakatanggap din ang mga residenteng dayuhan kung nakarehistro na sa "Basic Resident Register," hanggang sa araw ng Abril 27, 2020.
Gayundin, ang mga dayuhan na nandidito at "Short-Term Stay" ang kanilang visa, o kaya nag-ooverstay, hindi makakakuha ng benepisyo dahil wala sa "Basic Resident Register."

Anong mga ibang dokumento ang kinakailangan bukod sa application form?

Iba't iba ang kinakailangang mga dokumento ayon sa paraan upang mag-apply. Isangguni lamang sa ibaba:

Postal Application

(1) Tungkol sa inyong valid ID

Kopya ng My Number Card, driving license o health insurance card atbp.

(2) Tungkol sa inyong bank account

Kopya ng bankbook o cash card na may mga impormasyon katulad ng pangalan ng mga bangko, account number at pangalan ng account holder. Kung ang Internet banking ay ginagamit ninyo, i-print lamang ang kinakailangang mga impormasyon na nakasaad na sa itaas
(Hindi na kakailangan ang mga kopya na ito kung nakapangalan ng householder ang bank account at ginagamit na iyan upang magbayad ng tubig atbp.)

Online Application

(2) Tungkol sa inyong bank account

* Maaaring awtomatikong i-verify ang inyong pagkakakilanlan sa pamamagitan ng electronic signature kung mayroon kayong My Number Card. Samakatuwid ay hindi na kakailanganin ang mga dokumento na (1) na nasa itaas.

Para sa karagdagang mga detalye

Call Center para sa the Special Cash Payments

0120-260020

(mula sa Mayo 2)

03-5638-5855 (hanggang sa Mayo 1)



首相官邸
Prime Minister's Office of Japan



総務省
Ministry of Internal Affairs and Communications